BAKUNA LABAN SA HEPATITIS B

ANG DAPAT NINYONG MALAMAN

1 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang hepatitis B ay isang malubhang sakit.
Ang virus ng hepatitis B ay maaaring maging sanhi ng panandaliang (matinding) karamdaman na humahantong sa:

- pagkawala ng ganang kumain
- pagkahapo
- pananakit ng kalamnan, kasukasuan, at tiyan
- pagtatae at pagsusuka
- paninilaw (dilaw na balat o mata)

Maaari rin itong maging sanhi ng pangmatagalang (talamak na) karamdaman na humahantong sa:

- pinsala sa atay (cirrhosis)
- kanser sa atay
- kamatayan

Mga 1.25 milyong tao sa U.S. ang may talamak na impeksiyon ng virus ng hepatitis B.

Bawat taon tinatantiya na:

- 200,000 tao, karamihan ay mga kabataan, ang nagkakaroon ng virus ng hepatitis B
- Mahigit sa 11,000 tao ang kailangang tumigil sa ospital dahilan sa hepatitis B
- 4,000 hanggang 5,000 tao ang namamatay mula sa talamak na hepatitis B

Ang bakuna laban sa hepatitis B ay maaaring makapigil sa hepatis B. Ito ang unang bakuna laban sa kanser dahilan sa napipigilan nito ang isang anyo ng kanser sa atay.

2 Paano kumakalat ang virus ng hepatitis B?

Ang virus ng hepatitis B ay kumakalat sa pamamagitan ng kontak sa dugo at tubig ng katawan ng isang taong naimpeksiyon na. Ang isang tao ay maaaring mahawa sa maraming paraan, tulad ng:

- panganganak kapag ang virus ay sumasalin mula sa nahawang ina tungo sa kanyang sanggol
- pakikipagtalik sa nahawang tao
- pag-iniksiyon ng mga ilegal na droga
- pagtundo ng nagamit nang karayom sa trabaho
- sa paggamit ng personal na kagamitan, tulad ng pang-ahit o sipilyo ng taong nahawa

Ang mga tao ay maaaring maimpeksiyon ng virus ng hepatitis B nang hindi nalalaman kung paano nila nakuha ito. Mga 1/3 ng mga kaso ng hepatitis B ay hindi alam ang pinagmulan.

3 Sino ang dapat bigyan ng bakuna laban sa hepatitis B at kailan?

1) Sinumang 18 taon ang edad at mas bata
2) Matandang mahigit sa 18 na nasa panganib

Sa matatandang nasa panganib na maimpeksiyon ng virus na hepatitis B ay kabilang ang mga taong mahigit sa isa ang katambal sa pagtatalik, mga lalaking nakikipagtalik sa ibang lalaki, mga gumagamit ng drogang iniiniksiyon, mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan, at iba pang maaaring nahantad sa nahawang dugo o tubig ng katawan.

Kung hindi kayo nakakasiguro kung kayo ay nasa panganib, itanong sa inyong doktor o nars.

✔ **Ang mga tao ay dapat bigyan ng 3 dosis ng bakuna laban sa hepatitis B alinsunod sa sumusunod na iskedyul.** *Kung kayo ay may hindi nakuhang dosis o nahuli sa iskedyul, kumuha ng susunod na dosis sa lalong madaling panahon. Hindi kailangang magsimulang muli.*

Iskedyul ng Pagbakuna laban sa hepatitis B		SINO? Sanggol na ang ina ay nahawa ng virus ng hepatitis B	Sanggol na ang ina ay *hindi* nahawa ng virus ng hepatitis b	Mas matandang anak, adolesente, o matanda
KAILAN?	Unang Dosis	Sa loob ng 12 oras ng pagsilang	Pagsilang - 2 buwan ang edad	Anumang oras
	Ikalawang Dosis	1-2 buwan ang edad	1-4 na buwan ang edad (hindi dapat kukulangin sa 1 buwan pagkatapos ng unang dosis)	1-2 buwan pagkatapos ng unang dosis
	Ikatlong Dosis	6 na buwan ang edad	6-18 buwan ang edad	4-6 na buwan pagkatapos ng unang dosis

- Ang ikalawang dosis ay dapat ibigay nang hindi kukulangin sa 1 buwan pagkatapos ng unang dosis.
- Ang ikatlong dosis ay dapat ibigay nang hindi kukulangin sa 2 buwan pagkatapos ng ikalawang dosis at hindi kukulangin sa 4 na buwan pagkatapos ng una.
- Ang ikatlong dosis ay **hindi** dapat ibigay sa mga sanggol na mas bata sa 6 na buwan ang edad.

Ang lahat ng tatlong dosis ay kailangan para lubos at matagal na hindi talaban ng virus.

Ang bakuna laban sa hepatitis B ay maaaring ibigay kasabay ng ibang mga bakuna.

4 May mga tao na hindi dapat bigyan ng bakuna laban sa hepatitis B o dapat maghintay

Hindi dapat bigyan ng bakuna laban sa hepatitis B ang mga taong nanganib na ang buhay dahil sa reaksiyong alerhiya sa **pampaalsa ng panadero** (iyong ginagamit sa paggawa ng tinapay), o sa **naunang dosis ng bakuna laban sa hepatitis B.**

Ang mga tao na may kainaman o malubhang karamdaman sa oras na nakaiskedyul ang bakuna ay karaniwang dapat maghintay hanggang sa gumaling bago bigyan ng bakuna laban sa hepatitis B.

Magtanong sa inyong doktor o nars para sa karagdagang impormasyon.

5 Ano ang mga panganib mula sa bakuna laban sa hepatitis B?

Ang bakuna, tulad ng ibang gamot, ay maaaring maging sanhi ng mabibigat na problema, tulad ng malulubhang reaksiyong alerhiya. Napakaliit ng panganib na ang bakuna laban sa hepatitis B ay maging sanhi ng malubhang pinsala, o kamatayan.

Mas ligtas na tumanggap ng bakuna laban sa hepatitis B kaysa magkaroon ng mga sakit na ito.

Karamihan sa mga taong tumanggap ng bakuna laban sa hepatitis B ay hindi nagkakaroon ng anumang problema rito.

Magagaan na Problema

- pananakit ng lugar na binakunahan, tumatagal ng isa o dalawang araw (maaaring 1 sa 11 bata at adolesente, at mga 1 sa 4 na matanda)
- magaan hanggang sa kainamang lagnat (maaaring 1 sa 14 bata at adolesente at 1 sa 100 matanda)

Mabibigat na problema

- Malubhang reaksiyong alerhiya (bihirang-bihira).

6 Paano kung may kainaman o malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong tingnan?

Anumang hindi pagkaraniwang kondisyon, tulad ng malubhang reaksiyong alerhiya, mataas na lagnat o pagbabago ng ugali. Sa mga tanda ng malub[illegible]eaksiyong alerhiya ay maaaring kabilang ang paghihirap huminga, pamamaos o pagsingasing, pamamantal, pamumutla, panghihina, mabilis na tibok ng puso o pagkahilo. Kung may ganitong reaksiyon, ito ay nangyayari sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos ng pagbakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Tumawag ng doktor, o dalhin kaagad ang may-sakit sa doktor.
- Sabihin sa inyong doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras na nangyari ito, at kung kailan ibinigay ang bakuna.
- Sabihin sa inyong doktor, nars o kagawaran ng kalusugan na magharap ng form ng (Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna) Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS), o tumawag kayo mismo sa VAERS sa **1-800-822-7967.**

7 Pambansang Programang Pagbabayad sa Pinsala sa Bakuna

Sa bihirang pagkakataon na kayo o ang inyong anak ay nagkaroon ng malubhang reaksiyon sa isang bakuna, isang pederal na programa ang nilikha upang tulungan kayong bayaran ang pangangalaga sa mga napinsala.

Para sa mga detalye tungkol sa (Pambansang Programang Pagbabayad sa Pinsala sa Bakuna) National Vaccine Injury Compensation Program, tumawag sa **1-800-338-2382** o bisitahin ang website ng programa sa **http://www.hrsa.gov/bhpr/vicp/**

8 Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Magtanong sa inyong doktor o nars. Maaari silang magbigay ng paketeng paningit tungkol sa bakuna o magmungkahi ng ibang mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang programa sa imyunisasyon ng inyong lokal na kagawaran ng kalusugan o kagawaran ng kalusugan ng estado.
- Kontakin ang (Mga Sentro sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit) Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-2522** o **1-888-443-7232** (Ingles)
  - Bisitahin ang website ng (Pambansang Programang Imyunisasyon) National Immunization Program sa **http://www.cdc.gov/nip** o ang website ng Hepatitis Branch ng CDC sa **http://www.cdc.gov/ncidod/diseases/hepatitis/**

CDC
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION

U.S. DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES
Centers for Disease Control and Prevention
National Immunization Program